INIHAHANDOG NG
COMMUNITY-BASED ECOLOGICAL SOLID
WASTE MANAGEMENT PROGRAMME

# BASURA KID at iba pa...

(ISANG PAMBATANG
BABASAHIN PARA SA
PANGANGALAGA NG
KALIKASAN)






## MENSAHE PARA SA KABATAAN


**Nanganganib ang kalikasang sa atin ay nagbibigay buhay. Ang mga ilog na dati'y napaglalanguyan, ngayon ay puno na ng basura, at sa halip na mga halaman at puno ay mga basura rin ang makikita sa mga komunidad at kabahayan. Kailangang pangalagaan at protektahan ang kalikasan upang hindi ito tuluyang masira at mawala. At, alam niyo ba kung sino ang pinakamahalagang kapanalig sa pangangalaga ng kalikasan? Kayong mga kabataan!**

**Mulat na kabataan ang sikreto sa pangangalaga ng ating kalikasan. Maliit na bahagi mang maituturing sa ating populasyon subalit kayong mga kabataan naman ang kabuuan ng ating kinabukasan. Aasahan namin ang inyong mainit na pakikiisa sa pangangalaga ng ating kalikasan, para sa ating kinabukasan!**

**Honorable Secretary ANGELO T. REYES**
**Department of Environment and Natural Resources**
**Chairman, National Solid Waste Management Commission**

---

Printed by the United Nations Development Programme (UNDP) in partnership with the Department of Environment and Natural Resources-Environmental Management Bureau (DENR-EMB) through the National Solid Waste Management Commission Secretariat (NSWMC) in cooperation with the Communication Foundation for Asia (CFA). PAMBATA Magazine has been approved by the Department of Education as supplementary reading and instructional material for elementary schools and pupils.



# Basura Kid

by Elvin G. Luciano

Nagsimula ang lahat isang gabing maliwanag ang bilog na bilog na buwan. Sa labas ng bahay ng pamilya Lopez, isang malakas na tunog ang bumulabog sa katahimikan. Tila may pagsabog. Tila may pagyanig. Nagising ang buong pamilya, pati na rin ang pusang kanina lamang ay naghihilik pang natutulog sa tabi ng basurahan.

Sa basurahan nagmula ang kakaibang tunog.

"Ano kaya iyon?" tanong ni Nanay habang nakahawak sa braso ni Tatay. "Baka magnanakaw!"

"Takot ako!" ang tanging nasabi ng anak na si Boyet.



“Humanda sa akin ang magnanakaw na iyan. ‘Di ko siya uurungan!” matapang na wika ni Tatay kahit medyo nanginginig sa magkahalong lamig ng gabi at kaba sa dibdib.

Papalapit na ang pamilya sa pinto.

KABLAG!

Bumukas ang pinto at sa kanilang natanaw, di nila napigilan ang mapasigaw!

“Eeeehh!” sigaw ni Nanay.

“Ahhhhh!” sigaw ni Tatay.

“Ambaho!” sabi ni Boyet.

Isang malaking tambak ng basura ang tumambad sa kanilang harapan. Dumungaw pa sila at kanilang nalaman, puno na pala ng basura ang kanilang kapaligiran.

“Kala ko pa naman halimaw...” bulong ni Nanay.

“Matulog na tayo. Basura lang pala,” sabi ni Tatay.




BASURA KID!

Subalit nang pabalik na sila sa kanilang kuwarto, mayroong humarang sa kanila! Isang batang lalaking nakamaskara, kapa, at nakabota.

"Hep! Hep! Ako si Basura Kid! Basura lang ba ang sabi ninyo? Hindi n'yo ba alam na ang tambak-tambak na basurang 'yan ay masahol pa sa halimaw? Sisirain nito ang kalusugan ninyo! Sisirain nito ang kapaligiran at mundo ninyo! Ang pagkalat ng basura ay dapat nating labanan!"

Tiningnan nina Nanay at Tatay ang tambak na basura. Naghalo ang nabubulok sa hindi nabubulok. Pinamamahayan na ito ng mga insekto at kumakalat na rin ang amoy na mabaho.

"Ang pagkalat ng tambak-tambak na basurang tulad ng basurang ito... ay dapat nating labanan!" sigaw ni Basura Kid kasabay ng malakas na kulog at matalim na kidlat!

"Oo nga! Masahol pa nga ito sa halimaw!" sagot ni Tatay.



Humanap si Tatay ng malaking sako at doo'y isinilid ang basura. Agad niyang itinakbo sa kotse ang sako. Sumakay silang lahat sa kotse at nagmaneho si Tatay patungo sa pinakamalapit na ilog.

Pagdating sa ilog, inihulog ni Tatay ang basura sa tubig. "Ayan! Malulunod na ang mga basura at ligtas na tayo sa kapahamakan!"

"Nakupo, mali! Hindi n'yo ba alam na lalo pang madaling masisira ang mundo dahil sa ginawa ninyo?" sabi ni Basura Kid habang nakakunot ang noo.

Lumusong siya sa tubig at agad kinolekta isa-isa ang basura sa ilog. Bumalik sila sa kanilang bahay upang mapag-isipan ang kanilang gagawin.



Magdamag na inisip ng mag-asawa kung papaano lalabanan ang mukhang halimaw na tumpok ng basura. Sinubukan nila itong sunugin subalit lalo pang di nagustuhan ni Basura Kid dahil madudumihan daw ang hangin. Sinubukan nilang ispreyan ng pabango ang basura subalit lalo pang nakasama dahil ang inisprey pala nila ay may *chloro-fluorocarbons* na nakasisira sa *ozone layer!*



Parami nang parami ang basura. Paubos nang paubos ang oras. Nag-isip ang magkakakampi laban sa basurang ga-halimaw sa laki at dami.

Napailing si Tatay. Malapit nang mag-umaga.

"Tayo ang lumikha sa mga basurang ito. Kaya nasa ating mga kamay din ang paraan para di ito dumami nang dumami... Kailangan pigilan na natin ang pagdami ng basura bago pa tayo matabunan!" sabi niya.

"Alam ko na!" sabi ni Basura Kid. "Samahan n'yo akong labanan ang pagdami ng basura!"

Nilapitan ni Basura Kid ang tambak ng basura. "Ikaw basura ka, i-se-*segregate* ka namin! Yaaaaaah!"

Sinugod nila ang basura. Hiniwalay nila ang mga nabubulok sa di nabubulok. Kinuha nila ang mga basurang puwede pang i-*recycle* bilang mga kagamitan sa bahay, sa pamayanan, at sa eskuwelahan.


PACMAN
DENSO
BOUT!

Makalipas ang maraming oras, wala na ang ga-halimaw na tambak ng basura.

"Yehey! Nasolusyunan na natin ang problemang ito. Alam na natin ang gagawin para di na muling dumami nang dumami ang basura!" sigaw ni Nanay. Sa bahay pa lamang ibubukod-bukod na natin ang ating mga basura. Ang nabubulok at di-nabubulok ay di pagsasamahin.

"Oo nga! Salamat kay Basura Kid!" masayang sabi ni Tatay. Nagpalinga-linga si Tatay upang hanapin ang munting *superhero*. "Nasaan na kaya siya? Gusto ko pa naman s'yang pasalamatan."

Samantala, patawa-tawang iniligpit ni Boyet sa ilalim ng kanyang kama ang kanyang maskara, kapa at bota.



# A Pledge for Inang Kalikasan

Write a promise or pledge for our Inang Kalikasan.
You do not have to make grand promises or organize big clean-up drives (although you very well may if you want to).
Just write the things or activities you can do for Mother Earth on the certificate at the opposite page. Cut the Certificate out and tack it to your refrigerator or room as a reminder of our role in keeping our environment clean, green, and livable.

# My Pledge to Mother Earth

**As a steward of God's gifts to us, I will:**

* **Segregate my trash and recycle all recyclable materials.**
* **Throw my garbage in the proper bins and designated area.**
* ______________________________
* ______________________________
* ______________________________
* ______________________________
* ______________________________

**Signed by:**

______________________________
**Name & Signature**

**Signed on:**

______________________________
**Date**

**Witnessed by:**

______________________________
**Parent/Guardian**

# Let us act together

The **Republic Act No. 9003 (RA 9003)** or the **Ecological Solid Waste Management Act of 2000** stipulates that it is the policy of the state to adopt a program that will ensure the protection of the public health and the environment, as well as the use of environmentally sound methods that maximize the utilization of valuable resources and encourage resource conservation and recovery.

However, not all action should be left to the government. As responsible citizens, we must also do our share in making sure that future generations will still be able to appreciate the mountains, the streams, and the forests God has given us. To avoid further environmental damage, as well as to restore what has already been damaged, we must remember the **4Rs** *Reduce*, *Reuse*, *Recycle*, *and Recover*. Sometimes, we only remember the first three Rs and forget about recovering what has been lost to pollution and to environmental abuse.

The main weapon against our garbage problems is **proper waste segregation**. Changing the way we dispose of our trash will significantly reduce the amount of garbage that ends up in landfills. Assuming that each household, through recycling and composting, can reduce its amount of waste by more than half, the amount of garbage that would be collected would decrease considerably.

However small our individual efforts may seem, together we can make a huge difference. By giving a few minutes needed to segregate our trash, we help not only the environment, but also ourselves. Don't you think it's time we return the care and love Mother Nature has given us?

*References:*

Wasting and Recycling In Metropolitan Manila, Philippines, The Institute for Local Self-Reliance, Washington, DC, October 2000

http://strategis.ic.gc.ca

http://www.nishiojitsugyo-h.aichi-c.ed.jp




# PROPER WASTE DISPOSAL:


## It's Everybody's Concern

By Margarette Teodosio


Metro Manila produces 6,000 to 8,000 tons of garbage or mixed waste everyday, or 2.19 million to 2.92 million tons of trash a year. This results to more-than-overflowing sanitary landfills, as well as numerous garbage dumps scattered around the metropolis.

Segregated waste, if collected properly would pose no problem to the community and to the environment. But the collection of mixed waste could lead to various diseases and sickness due to the nature of the waste itself–smelly, wet, attracts flies, rodents and other disease-carrying insects. Garbage thrown on the streets clogs manholes and waterways, causing traffic and floods; while trash dumped into canals and creeks pollute the water and harms all living things in it.

Meanwhile, burned or incinerated garbage produce **dioxins** that are harmful to us and to the environment. Another harmful effect is the possible contamination of ground and surface waters due to leakages of landfills and dumpsites.




THE TWIGGYS
by
Jovy C.
Almeria
Nasty Twiggy loves to litter. He throws candy wrappers, crumpled papers, and banana peelings all around...
...even when a trash can is just a few steps away.
TRASH CAN
Sometimes, Nasty Twiggy attempts to shoot his litter into the trash can.
TRASH CAN


More often than not, he deliberately misses the can.
He finally learned his lesson, one rainy day, when he woke up and found his home flooded...
...with all the things he had thrown away.

# Let's Get Involved!

Below are simple activities that we can do to practice proper waste disposal in our own homes and in school.








Remember to segregate your household trash into three main groups: biodegradables, non-biodegradables and residuals. There can be more in those things you consider trash. As they say, *one man's trash is another man's treasure.*




Start a compost pit in your backyard. Dig a pit (ideally 3 feet deep) in a cool, shaded place. Each time vegetable or fruit scraps are thrown to the pit, make sure to cover it with a layer of dried leaves or a thin layer of soil to allow air to enter the pit, to help prevent bad odor. At the end of 45 days, you have free, organic fertilizer!







Don't throw those old test papers! Stack them up together with used cartons, folders, and newspapers. Ask your parents to help you sell these materials to the nearest *magbobote*, *magdidiyaryo*, at junkshop.




Aluminum cans such as those of softdrinks can also be recycled. So make sure to leave them out of your garbage cans.







Those ketchup and soy sauce bottles can also be turned into cash. Bring them to the *magbobote* together with the used papers.

# Paano Magtipid sa PAPEL

**Ni Edson C. Tandoc, Jr.**

Ang papel ay galing sa mga puno. Mga puno na nagbibigay lilim tuwing tag-araw, nagbibigay ng *oxygen* na mahalaga sa mga tao, at sumisinghot ng *carbon dioxide* na mula sa polusyon. Ang mga puno rin ang nagpapayaman sa lupa at pumipigil sa *erosion* at pagbaha.

Kapag nag-aaksaya tayo ng papel, inuubos din natin ang mga puno. Kailangan na nating tigilan ang pagkalbo sa ating mga kagubatan.

Madalas tayong magreklamo: dapat tigilan na ang kaingin at *illegal logging* dahil nasisira ang kagubatan. Hello! Reklamador tayo pero OA ang pag-aksaya natin ng papel. Kunwari nag-aalala tayo pero kung umubos tayo ng papel, grabe. Tama na. Sobra na. Magtipid naman tayo.

Kung mas kaunting papel ang nagagamit natin, mas kaunting puno ang puputulin. Kaya lalo na tayong mga mag-aaral, dapat magtipid sa papel. Saka bawas din sa *budget* ito, ha. Magkano na ba ang isang *pad* ngayon?

Ngayong buwan, pagtitipid sa papel at pag-aalaga sa ating mga puno ang pag-uusapan natin. Kaya, sige! Basa na!











Umpisahan natin sa pagsusulat mo. Aba, tama ba na ang laki ng sulat mo? Isang *line*, isang salita lang? OK, *fine*, ganyan talaga ang sulat mo. Pero subukan mo kayang papayatin ang mga titik. Pero huwag OA ha, baka hindi mo na mabasa 'yan. Pero 'yun nga, ayusin mo ang sulat mo at kahit papaano ay marami kang matitipid na espasyo. Lalo na pag *mathematics* na. Daming *scratch paper* ang kailangan. Tama ba namang isang *problem solving*, limang *scratch paper* agad? Ano 'yan? Isang *number*, kalahating *page*? Hello?




Ang mga pahina ng *notebooks* puwede pong sulatan sa likod. Hindi 'yan *blackboard* na sa harap lang. Huwag diinan ang pagsulat at iwasang gumamit ng *sign pen* para hindi bumakat ang inyong sinusulat sa likod. Kaya nga may mga guhit din sa likod ang mga pahina ng *notebook* para sulatan at hindi dekorasyon lang. Saka pag may *notebook* ka, gamitin mo naman. Magsulat ka ng mga takdang-aralin o mga lesson ninyo. Hindi 'yung *display* o *props* lang ang *notebook*.






Ang mga hindi nauubos na pahina ng *notebook* noong nakaraang *school year*, puwede mo pang magamit ngayon. Puwede mong ipunin 'yung mga *pages* ng dati mong mga *notebook*, pagsamahin sila at mag-*design* ka ng bago mong *notebook*. Tipid na, lalabas pa ang pagiging malikhain mo. Baka may magpagawa pa sa iyo. Kikita ka pa. Baka bagong *business* na 'yan. Baka yumaman ka na at magkaroon ka ng bahay at lupa. He! He! He! Joke lang. Pero



naman, huwag mong gayahin 'yung iba na porke tapos na ang *school year* at dahil nagamit na 'yung *ten pages* ng *notebook*, tapon na ito. Sayang. Kaya putol na lang ulit ng puno para magka-notebook ka ng bago? Huwag naman. Kahit mayaman ka, mabibili mo ba ang pagtatanim ng puno at ang napakaraming taon na hinintay upang lumaki ito? Hindeeeeee!





Sa paggawa ng *project* o akda, ang gawain ng iba, pag may konting mali, tapon ang papel. May nabura, tapon ang papel. Nagkakalat ka, ha! *No littering please!* Tipid naman sa papel, o. Siguruhing alam mo at tama ang ginagawa mo para hindi ka mag-aksaya. Sa pagguguhit, gamit ka muna ng lapis para maaari mo pang burahin pag nagkamali ka. At maging *resourceful*. Ang mga lumang kalendaryo o mga nagamit na *bondpaper* ay maaaring gamitin sa pagno-*notes* o *scratch paper* sa *mathematics*. Anong jologs? Mas jologs ang mag-aksaya ng papel no! 'Yun ay tanda ng kawalang pakialam. At kabastusan.








Ang mga basurang papel ay huwag namang sunugin agad. Ipunin sila at tulad ng mga diyaryo o lumang kalendaryo, maaari mo silang ibenta sa mga *junk shops*. Aba, dagdag din sa ipon mo 'yun. Kung palagi mo itong gagawin, malaki ang maiipon mo. Ooopps. Pero huwag naman lahat ng papel ay ibebenta mo na. Baka basta nakakita ka ng papel, kukunin mo agad para ipakilo. Baka pati mga libro nina ate at kuya kinukuha mo na. Ang ibenta mo ay 'yung mga hindi na mapakikinabangan.






6 Tangkilikin ang mga kumpanyang gumagamit ng *recycled paper.* Ito 'yung mga papel na hindi mula sa mga bagong putol na puno kundi mula sa mga lumang papel na muling pinakinabangan. May mga pahayagan at babasahin na nilimbag sa *recycled paper.* 'Yun na lang ang basahin ninyo, sabihin mo kina tatay. May mga *notebook* at *pad paper* na gawa rin sa *recycled paper.* 'Yun na lang ang ipabili mo kay nanay. Tipid na, nakatutulong ka pa sa kalikasan. Pagdating ng *high school*, matututunan ninyo rin ang pagre-*recycle*. Eksayted ka na no?




At sana i-chismis mo na rin ang mga napagkuwentuhan natin ngayon tungkol sa mga papel sa iyong mga kapatid, kamag-anak, kaibigan, kamag-aral, lahat ng kakilala mo, kahit 'yung ale o mama na makakasalubong mo sa kalye. He! He! He! *Joke* lang. Basta sa lahat ng *friends* mo at kahit sa 'di mo masyadong *friend*.

May naisip ako. Puwede nating sabihin kay *ma'am* at *sir* na sa halip na magkontribusyon tayo para sa mga *school projects*, bakit hindi na lang tayo mag-ipon ng mga lumang papel. Halimbawa, pagkatapos ng pagsusulit, lahat ng mga *scratch paper* ay ipunin. Ang mga lumang diyaryo, ipunin. Mga lumang kalendaryo. Mga nagamit na *test paper.* Tapos, ibenta natin. Ang malilikom na pera, para sa *school projects* na! Hindi ba ang saya no'n? Ha! Ha! Ha! Natutuwa na ako! May pondo na para sa *school projects*, nakatutulong pa tayo sa kalikasan! Sana ay nakatulong sa inyo ang mga *tips* natin ngayon. At sana, matutunan din nating pangalagaan at protektahan ang ating mga puno. Mas todo ang saya kung maliban sa *tipid papel movement* natin, aba, magtanim na rin tayo ng puno! *Go! Go! Go! Sago!* 'Yan ang batang Pinoy!





REPUBLIC ACT 9003
THE ECOLOGICAL SOLID WASTE MANAGEMENT ACT OF 2000
TAMANG PAGBUBUKOD-BUKOD NG BASURA
Uri ng Basura
Narereseiklo (Recyclables)
Dapat Gawin
PAPEL
• Tuyo at malinis na papel tulad ng bond paper, dyaryo, magazine, atbp.
• Karton na pinaglagyan ng pizza, sabon, toothpaste, sapatos, atbp.
• Ihiwalay ang mga puting papel sa may kulay na papel
• Itupi ang karton para makatipid ng espasyo
• Huwag ipakolekta ang mga papel kapag umuulan. Ang papel, kapag nabasa, ay nagiging compostable.
PLASTIK
• Lalagyan ng softdrink, mineral water, suka, toyo, mantika, alcohol, noodles, shampoo, atbp.
• Sirang monoblock na upuan at mesa, batya at planggana, at iba pang matigas na plastik
• Hugasan o ibabad ang mga plastik, bote, at bubog sa tubig na niresiklo mula sa paglalaba/pinagbanlawan upang malinis ang mga basura at hindi ipisin at langgamin.
• Patuyuin ang plastik bago ilagay sa lalagyan ng mga recyclables
BAKAL
• Lalagyang gawa sa aluminyo tulad ng mga latang ginagamit sa softdrinks at sardinas
• Yero, bakal, stainless steel at tanso, tingga, sirang bubong, atbp.
• Tupiin o paigsiin ang mga bakal
BOTE AT BUBOG
• Bote ng beer, gin, softdrink, juice, suka, toyo, patis, catsup, peanut butter, kape, garapa, atbp.
• Basag na bote at bubog
• Ilagay ang mga bote at basag na salamin sa matibay na lalagyan
Isang kulay ng bote o bubog kada lalagyan
Nabubulok (Biodegradables)
BASURA SA HARDIN
• Dahon at damo, sanga at mga pinagputulan
• Nabunot o natumbang mga halaman
• Dumi ng hayop
BASURA SA KUSINA
• Tirang pagkain, balat at buto ng gulay, prutas, atbp.
• Balat ng alimango, alimasag, tahong, talaba, atbp.
• Balat ng itlog, tinik, hasang, bituka ng isda
• I-kompos o ibaon sa hardin
• Kung ipakokolekta sa basurero, ilagay sa plastik na supot at italing mabuti
• Salain/alisin ang tubig
• Huwag ilagay ang mga tirang pagkain sa plastik na supot, ilagay ang mga ito sa lalagyang maytakip gaya ng lalagyan ng ice cream
• HUWAG ISAMA ANG PLASTIK O PAPEL NA SUPOT
Panapon (Residuals)
• Huwag isama sa mga basurang galing sa kusina at hardin • Ilagay sa plastik na supot, hindi sa karton at sako
• Ang mga matatalas na bagay ay dapat ilagay sa matigas na karton at itali ng mabuti para di makasugat ng mga palero

## UNDP's MISSION STATEMENT

The United Nations Development Programme (UNDP) is the UN's global development network, an organization advocating for change and connecting countries to knowledge, experience and resources to help people build a better life. We are on the ground in 166 countries, working with them on their own solutions to global and national development challenges. As they develop local capacity, they draw on the people of UNDP and our wide range of partners.

In the Philippines, UNDP's network links and coordinates global and national efforts to help countries build and share solutions to the challenges of democratic governance, poverty reduction, crisis prevention and recovery; and energy and environment. UNDP helps developing countries attract and use aid effectively. In all its activities, UNDP encourages the protection of human rights and the empowerment of women.

Support for the printing of this publication stems from UNDP's goal to ensure environmental sustainability. UNDP hopes that through this comic book, young Filipinos will understand the value of practicing ecological solid waste management.

## SANCTIONS AND PENALTIES

| IPINAGBABAWAL | MULTA O PARUSA |
|---|---|
| 1. Pagkakalat, pagtatapon, pagtambak ng basura sa mga pampublikong lugar tulad ng mga daanan, side-walks, kanal, estero, liwasan, atbp. | PhP300–PhP1,000 o serbisyong pangkomunidad mula 1–15 araw o pareho |
| 2. Pagsusunog ng basura | PhP300–PhP1,000 o pagkabilanggo mula 15 araw–6 na buwan o pareho |
| 3. Pagpapakolekta o pagpayag sa pagkolekta ng hindi pinaghiwa-hiwalay na basura | PhP1,000–PhP3,000 o pagkabilanggo mula 15 araw–6 na buwan o pareho |
| 4. Pagtatambak / pagbabaon ng basura sa mga lugar na binabaha | PhP1,000–PhP3,000 o pagkabilanggo mula 15 araw–6 na buwan o pareho |
| 5. Walang paalam na pagkuha ng mga recyclables na may talagang mangongolekta | PhP1,000–PhP3,000 o pagkabilanggo mula 15 araw–6 na buwan o pareho |
| 6. Paghahalo-halo ng mga pinaghiwalay na basura | PhP500,000 + 5% to 10% ng net annual income |

## MAAARI KANG MAGHABLA!

- Upang epektibong maipatupad ang batas na ito, ang bawa't mamamayan ay maaaring maghain ng reklamo (Civil, Criminal o Administrative) laban sa sinumang tao, maging opisyal ng pamahalaan, na ayaw o hindi sumusunod o nagpapatupad ng mga itinatakda ng RA 9003.
- Magpadala ng sulat na naglalaman ng pangalan ng nagrereklamo, petsa, oras at lugar na pinangyarihan, detalye ng ginawang paglabag, ebidensiya at mga larawan sa:
  1. EMB NCR, 29 Hizon Bldg., Quezon Ave., Quezon City • Telephone: 781-0497 or 71
  2. National Solid Waste Management Commission Secretariat, EMB-DENR, 2nd Floor, HRDS Bldg., DENR Compound Visayas Ave., Quezon City • Telephone: 920-2252 / 920-2279
  3. Integrated Bar of the Philippines, National Environmental Action Team, 15 Julia Vargas Ave., Ortigas Center, Pasig City Telephone: 631-3018 / 1158 • Fax: 631-3013

**<u>MAHALAGANG PAALALA: ANG PAGLABAG SA RA 9003 AY ISANG CRIMINAL OFFENSE</u>**
**Maaaring makarating sa korte ang kaso. Kapag naglabas ng WARRANT OF ARREST ang korte, ito ay CRIMINAL ACT. Kapag nakarating sa NATIONAL BUREAU OF INVESTIGATION (NBI) ang kaso, maaari itong basehan ng pagkansela ng NBI CLEARANCE na kailangan sa pag-aabroad at pagkuha ng trabaho.**

Inilimbag ng
United Nations Development Programme (UNDP)
para sa
Community-Based Ecological Solid Waste Management
Programme in the Philippines (CBESWMPP)

# COMMUNITY-BASED ECOLOGICAL SOLID WASTE MANAGEMENT PROGRAMME IN THE PHILIPPINES

(Project ID: 00014472)



The Project is a community-based ecological solid waste management programme that combines the functional elements of waste generation, discharge and storage, collection, recycling and final disposal. It will focus on segregation at source, segregated collection, materials recovery and recycling, and ecologically sound disposal system. This will benefit not only on one aspect of environmental protection but also on the institutional, economic and social opportunities the program will provide. The project has three main components: (i) setting up of the CBESWMP system; (ii) capability building and (iii) enabling tools for policy implementation, from which a model shall evolve to guide replication in other Local Government Units.

